# أريد أن أسلم ولكن...

## Nais Kong Yumakap sa Islam Nguni't …


المؤلف: عمر بن موسى الحافظ

Ni

Omar Al-Hafiz

Copyright ©

This book is not copyrighted. Any or all parts of this book may be used for educational purposes as long as the information used is not in any way quoted out of context or used for profit.

This material has been reviewed and forwarded for publishing and distribution by the Filipino language section of the Department of Islamic Resources.

Form #: 4084
Date: 03/12/2006

If you have any corrections, comments, or questions about this publication, please feel free to contact us at:

**fil@islamhouse.com**

**www.islamhouse.com**

## Ang Nilalaman

**Pambungad na Panalangin**

**Ang Panimula**
- Ang Islam at ang Muslim
- Ang Tungkulin ng Muslim

**Nais Kong Yumakap sa Islam Nguni't ...**
1. Walang Pamayananang Muslim
2. Asawa-Lider na Kristiyano
3. Biktima ng Bawal na Gamot
4. Nakagisnang Tradisyon
5. Hirap Sa Mga Kamag-anak
6. Pagkakaroon ng Apat na Asawa
7. Pagsusuot Ng Hijab
8. Paghihiwalay ng Mag-asawa
9. Mahirap ang Trabaho sa Pilipinas
10. Mahirap Ang Pagdarasal.
11. Ang Ugnayan sa mga Muslim
12. Maraming Bawal sa Islam
13. Hindi Pa Ako Seryoso
14. Isang Terorista
15. Magulang:Namatay di- Muslim

**Hindi Pa Huli Ang Lahat**
**Pangwakas Na Salita**
**Pasasalamat Ng May-akda**

## Ang Pambungad na Panalangin

Ang lahat ng papuri ay para lamang sa Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilikha. At nawa'y ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay ipagkaloob sa Kanyang Huling Propeta Muhammad ﷺ at sa lahat ng sumusunod hanggang sa Huling Araw.

## Ang Panimula

Ang buhay sa mundong ito ay may kaakibat na layunin, higit pa sa pagsasakatuparan ng makamundong pangangailangan at materyal na gawain. Ang tao ay ginawaran ng talino na may kasamang kakayahan at kalayaan na gumawa ng kabutihan o kasamaan, upang mapaghandaan niya ang walang hanggang buhay pagkaraan ng kamatayan. Ang Allah ay nagsabi ayon sa Banal na Qur'an:

**"Siya ang lumikha ng kamatayan at buhay upang kayo ay Kanyang subukan kung sino sa inyo ang pinakamabuti sa gawa…" (Qur'an Al Mulk 67:1)**

Ang pansamantalang pamumuhay sa mundong ito ay isang pagsubok lamang, isang pagsubok sa pagitan ng katotohanan at kasinungalingan, ng bait at abuso, ng pagnanasa at katalinuhan.

Bawa't tao ay isinilang na malaya sa anumang kasalanan at taglay niya ang likas na pagkilala sa pagkakaroon ng Isang Manlilikha. Kadalasan, ang likas na pagkilalang ito ay nalilihis at naliligaw sanhi ng impluwensiya ng kanyang mga magulang, ng kapaligiran, ng nakagisnang tradisyon, ng kanyang kaibigan at ng lipunang kanyang kinabibilangan. Magkagayon, ang malinis na konsepto at pagkilala niya sa Dakilang Lumikha (Allah) ay nagkakaroon ng batik ng Idolatriya (ang pagsamba sa mga nilikhang bagay).

Hindi lamang pananagutan ang ipinagkatiwala ng Allah sa tao kundi ipinagkaloob din Niya ang Tamang Pamamaraan at Batas ng Buhay sa pamamagitan ng mga Propeta (Sugo) at Banal na Kasulatan. Ang tao ay ginawaran ng katalinuhan at karunungan upang matagpuan niya ang katotohanan sa pamamatnubay ng mga Propeta at Banal na Kasulatan.

### ANG ISLAM AT ANG MUSLIM

Ang katagang 'Islam' ay hinango sa wikang Arabik na salitang "salam" na nangangahulugan ng kapayapaan, kalinisan at pagsuko sa Dakilang Lumikha- ang Allah. Kapag ang isang tao ay sumuko at tumalima sa Batas ng Allah, siya ay tinatawag na "Muslim" (ang isang tumalima o sumunod sa Diyos).

Ang Islam ay may natatanging kaibahan sa ibang relihiyon. Halimbawa, ang Kristiyanismo, Buddhismo at Hudaismo ay ipinangalan o hinango mula sa mga tagapagtatag nito nguni't ang Islam ay hindi tinatawag na "Muhammadanismo" sapagka't ang Islam ay hindi itinatag ni Propeta Muhammad at siya ay hindi

sinasamba ng mga Muslim. Kaya, ang Muhammadanismo ay katagang sumusugat sa diwa at tunay na kahulugan ng Islam.

Ang relihiyong Islam ay nagmula sa Dakilang Allah kaya naman lahat ng Propeta ay nagpalaganap ng pagsunod at pagtalima sa Batas Niya, samakatuwid, sila ay mga Muslim.

**ANG TUNGKULIN NG MUSLIM**

Bilang Muslim, ang aming tungkulin lamang ay ang magbigay paliwanag kung ano ang katotohanan ng Islam at ihatid sa tao na ang Allah ang Siyang tanging makapagpapatnubay sa sinumang Kanyang naisin. Siya ang tanging nakababatid kung ano ang nasa kalooban ng tao.

Sa panahon ng aking pagpapalaganap ng Islam, marami na rin akong nakaharap o nakatagpong iba't ibang lahi ng tao partikular na ang mga Pilipino. Nakita ko sa mga Pilipino ang likas na pagiging mabait, magalang at matapat bilang kaibigan. Karamihan sa kanila ay masisipag at mapagkakatiwalaan sa kanilang mga gawain.

Bagaman ako ay katutubong Arabo, natutuhan kong pakibagayan ang mga Pilipino kaya naman madali kong naabot ang kanilang kalooban at damdamin bilang isang mamamayan.

Dahil sa gayong magandang ugnayan, nagkaroon ako ng pagkakataong ipaliwanag ang pangunahing aral ng Islam. At karamihan sa kanila ay tinatanggap ito at kadalasan, sila ay nagbibigay ng magagandang puna tungkol sa Islam.

Mayroon din namang mga bantulot o atubiling yumakap sa Islam bunga na rin ng mga suliraning kanilang kinakaharap sa buhay. Ilan sa mga suliranin na aking napag-alaman ay isa-isa kong isasalaysay sa inyo at lalapatan ko ng makatuwirang pagpapaliwanag upang sa darating na panahon, (sa kapahintulutan ng Dakilang Allah), ay mabuksan ang kanilang puso at isip tungo sa landas ng Islam.

**1. <u>Nais kong yumakap sa Islam nguni't</u>** ako ay naninirahan sa isang bayan sa Pilipinas na walang isa mang pamayanang Muslim. Walang Masjid na maaari kong puntahan sa pagdarasal, at walang pangkat ng mga Muslim na maaaring magbigay paliwanag at wala rin namang mga mapagkukuhanang aklat o babasahin tungkol sa Islam.  Paano ko maisasagawa at maisasakatuparan ang mga aral ng Islam kung ako ay bumalik na sa aming bayan?

**<u>Paliwanag at Kasagutan</u>**

"Kung ang isang tao ay daglian niyang natutuhan at napag-alam na ang relihiyong Islam ay siyang tunay na relihiyon ng kabutihan, siya ay nararapat ng yumakap at magsimulang magsanay ng pagsasagawa ng mga tungkuling ipinag-

uutos sa Islam tulad ng pagdarasal at pagpapaunlad ng ugali at asal bilang isang alipin ng Diyos.

Ang kawalan ng Islamikong kapaligiran ay sadyang isang suliranin nguni't ito ay hindi dapat maging hadlang upang pigilin ang sarili sa pagyakap sa Islam. Nababatid ng Allah ang lahat ng suliranin at Siya lamang ang tanging makapagbibigay ng kaluwagan sa lahat ng kinahaharap na suliranin. Ang pagtitiwala at pagiging matiisin nang dahil sa pagsunod at pagmamahal sa Allah ay isang magandang katangian ng isang nananalig sa Kanyang Kapangyarihan. Si Propeta Muhammad ay nakaranas din ng gayong suliranin. Kaya, siya at ang kanyang mga kasamahan ay kanya-kanya silang nagsakatuparan ng kanilang pagsamba sa Allah hanggang dumating ang tulong ng Allah sa kanila sa pamamagitan ng pag-uutos ng paglikas o pangingibang-bayan. Natagpuan nila ang bayan ng Madinah at dito, sila ay nagtayo ng isang pamayanang binubuo ng lahat ng taong may pananalig at pagmamahal sa Allah.

**2.** **Nais kong yumakap sa Islam nguni't** mayroong isang balakid na dapat kong malunasan. Ang aking asawa ay lider ng isang sekta ng Kristiyanismo. Maraming pagtatalo ang nangyari na sa aming pamilya tungkol sa Islam. Wala pa akong lakas ng loob na yumakap dahil sa pangambang mawawasak ang aking pamilya lalo na ang aking mga lumalaking mga anak. Kailangan nila ang aking paglingap at pagmamahal. Kasalanan ba kung ipagpaliban ko ang pagyakap sa Islam bagaman aking nalalaman ang katotohanan ng Islam?

**Paliwanag at Kasagutan.**

Ang Islam ay relihiyon na hindi nagbibigay ng pasakit sa sinumang nagnanais yumakap nito. Ang kailangan lamang ay ang katatagan ng kalooban at matibay na pananalig sa Allah. Higit na kaaya-aya ang iwasan mo ang pakikipagtalo sa iyong asawa at higit mong bigyang pansin ang paggawa ng mga mabubuting bagay na maaaring makapagbigay kaluwagan at kasiyahan sa iyong pamilya. Ipagkaloob mo sa kanila ang lalo pang lugod at paglingap. Ang mga di-kanais-nais na pag-uugali at asal at bisyo na dati mong ginagawa ay nararapat na talikdan at harapin mo ang mga magagandang aral na ipinag-uutos ng Allah tulad ng paglingap at pagmamahal sa iyong mga magulang, tapat na ugnayan at kabaitan sa asawa, pag-aasikaso sa mga anak, pagsasalita sa paraang kagalang-galang, mahinahon at kababaang-loob, at pagkakawanggawa. Ang lahat ng uri ng kabutihan ay salamin at larawan ng isang mabuting Muslim.

**3.** **Nais kong yumakap sa Islam nguni't** ako ay binabagabag ng sariling budhi nang dahil sa aking mga nagdaang masasamang gawain. Dati akong nahumaling sa bawal na gamot nguni't hindi naman ako naging talamak o naging hayok dito kaya madali kong natakasan ito. Bilang pagbabagong-buhay, ako ay umiwas sa masamang barkada at nagpasiyang magtungo sa Saudi Arabia upang maghanap-buhay. Dahil sa kalungkutan ko, naging libangan ko ang pagbabasa ng mga lathalain o aklat tungkol sa relihiyong Islam. Dito ko natutuhan na sadyang napakahalaga ang ganap na paniniwala sa Dakilang Diyos ang Siyang tanging daan upang makamtan ang isang mabuti at mapayapang

buhay. Bagaman alam kong natagpuan ko na ang matuwid na buhay, hanggang ngayon ay hindi pa ako nagpapasiyang yumakap sa Islam.

**Paliwanag at Kasagutan.**

Ang pagsisisi sa Islam ay isang gawang pagsamba. Walang sinumang tao ang hindi nagkakasala subali't ang pinakamabuti sa lahat ng taong nagkakasala ay yaong nagpapakumbaba at nagbabalik-loob sa Allah. Sa isang tulad mo na hindi pa Muslim, ang unang dapat mong gawin ay ang pagpapahayag ng Shahadah (pagsaksi na walang tunay na Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah). Ang "Shahadah" ay siyang susi ng pagpasok sa Islam at ito na rin ang nagsisilbing hudyat ng panibagong buhay ng isang taong yumakap sa Islam. Ang sinumang yumakap sa Islam ay tulad ng isang sanggol na malinis sa anumang pagkakasala. Ang lahat ng kanyang mga nagdaang kasalanan ay pinatatawad ng Allah. Ang mga bagay na bumabagabag sa iyong kaisipan ay isang palatandaan lamang na ikaw ay nagsisisi sa lahat ng ginawa mo ng nagdaang panahon.

Ang tao ay nag-aangkin ng likas na kalayaan kaya mayroon siyang kakayahang magpasiya kung anong landas ang nais niyang tahakin. Ang isang taong naglalayong baguhin ang sarili ay dapat na magkaroon ng tunay at tapat na layuning harapin ang mga hakbangin tungo sa pagbabago. Ang una sa lahat ay ang pagsunod sa Batas ng Diyos at ang pakikipagtunggali sa hamon ng kasamaan. Ang Islam ay nagbibigay ng mga pamamaraan kung paano maisakatuparan ang ganap na pagbabago.

**"Katotohanan, hindi babaguhin ng Allah ang kalagayan ng tao hanggang hindi binabago (ng tao) ang kanyang sarili." (Qur'an Ar-Ra'd13:11)**

**4.** **Nais kong yumakap sa Islam nguni't** ang nagiging sagabal sa akin ay ang nakagisnan at nakamulatan kong mga tradisyon ng aming angkan tulad ng pagiging deboto ng aking mga magulang bilang katoliko, ang pagdiriwang ng Pasko, ang mga kasayahan tulad ng kantahan, sayawan, at pag-inom ng alak. Tila mahirap gawin ang pagiging seryoso sa relihiyon. Tulad ng sabi ko, ako ay naniniwala sa katotohanan ng relihiyong Islam. Wala lamang akong lakas ng loob na yakapin ito dahil sa nakagisnan kong mga tradisyon.

**Paliwanag at Kasagutan.**

Ang pagyakap sa Islam ay nangangailangan ng ganap na pagsunod at pagtalima sa Allah upang ganap na maabot ang antas ng kabanalan at pagiging matuwid. Ang takot sa Allah ang siyang dapat na mangibabaw kaysa sa anumang pagnanasang pisikal. Ang mga tradisyong tulad ng pagdiriwang ng Pasko ay hindi gawain ng isang tunay na tagasunod ni Hesus sapagka't kailanman, ito ay hindi niya ginawa samakatuwid hindi rin niya ipinag-utos ito. Ang mga kantahan, sayawan, at pag-inom ng mga nakalalasing na alak ay mga bagay na dapat talikdan sapagka't ito ay nagtutulak sa tao upang masadlak sa higit pang mga kasamaan at kalaswaan.

**5. <u>Nais kong yumakap sa Islam nguni't</u>** ang nagiging hadlang sa akin ay kung paano ko pakikitunguhan mga kamag-anakan ko at ng aking asawa. Kami ng aking asawa ay pansamantalang nakikisama lamang sa kanyang mga magulang sapagka't wala pa kaming sapat na kakayahan na gugugulin sa pagpapatayo ng sariling bahay. Ang aking ugnayan sa kanyang magulang ay hindi gaanong maayos. Sa madaling salita, hindi nila ako napupusuan bilang manugang. Paano ko maisasagawa ang mga rituwal ng pagdarasal araw-araw sa ganito naming kalagayan na wala namang sariling pamamahay?

**<u>Paliwanag at Kasagutan.</u>**
Kadalasan, madali nating nabibigyan ng kaukulang katuwiran ang isang bagay na hindi pa natin nasusubukan. Sa bawa't paghihirap na ating nararanasan nang dahil sa pagtataguyod ng ating pananampalataya, ito ay nagbubunga ng maraming kabutihan hindi lamang sa ating mga sarili kundi maging sa mga taong ating nakakasama at nakasasalamuha sa buhay.

Marami na akong nabasa at nakita na tulad ng iyong suliranin. Ang lahat ay nagkakaisa na ang pagpapakita ng mabuting asal at ugali ay nakapagbibigay sa kapwa-tao ng kabutihan.

Si Propeta Muhammad ay nagsabi: **"Ang pinakamamahal at pinakamalapit sa akin sa Araw ng Paghuhukom ay yaong may taglay na kabutihang-asal, at ang pinakamumuhian ko at malayo sa akin sa Araw ng Paghuhukom ay yaong mapagmataas at mapagmalaki." (Tirmidhi)**

**6. <u>Nais kong yumakap sa Islam nguni't</u>** ang hindi ko matanggap ay ang pagkakaroon nang higit sa isang asawa ng isang Muslim na lalaki. Nangangamba ako na baka dumating ang isang panahon ay magising na lamang ako sa katotohanang wala na sa piling ko at sa aking magiging mga anak ang aking asawa. Kailangan bang mag-asawa nang higit sa isa ang isang Muslim?

**<u>Paliwanag at Kasagutan:</u>**
Ang katotohanan nito, ang Islam ay hindi nag-uutos na ang lalaking Muslim ay nararapat na mag-asawa nang higit sa isa. Hindi isang tungkulin ang pag-aasawa nang higit sa isa. Pinahihintulutan lamang ng Islam ang pag-aasawa ng isa hanggang apat upang matugunan at bigyang kalutasan ang mga kinakaharap na suliranin ng ibang Muslim.

Halimbawa, ang pagkakaroon ng matagalang kapansanan o sakit ng isang babae. Sanhi ng kanyang kalagayan, hindi siya maaaring magkaanak. Likas sa tao (babae man o lalaki) ang mangarap na magkaroon ng sariling anak. Walang ibang lunas ito maliban sa pag-aasawa sapagka't ipinagbabawal ng Islam ang pagkakaroon ng 'madrasta' kabit o kalaguyo o anumang pagtatalik na labas sa sagradong kasal. Itinuturing ng Islam na malaking kasalanan ang pangangalunya at pakikiapid. Gayun din naman, ang lalake ay maaaring mag-asawang muli kung may kapansanan ang babae at hindi niya mabigyan ng pangangailangang sekswal ang kanyang asawa.

Ang pag-aasawa sa Islam ay isang tungkulin, kaya naman isang kasalanan sa isang Muslim na pabayaan ang kanyang mga pamilya. Kung ang isang Muslim ay nag-asawa ng higit sa isa, hindi nangangahulugan na dapat niyang iwanan ang isa at pakisamahan lamang ang pangalawa. Ang makatarungan at pantay na pakikipag-ugnayan ay ipinag-uutos ng Islam.

**"At kung kayo ay nangangamba na hindi ninyo kayang pakitunguhan nang makatarungan ang naulilang babae, magkagayo'y mag-asawa ng ibang babaing inyong napupusuan[1], dalawa, o tatlo, o apat. Nguni't kung kayo'y nangangamba na hindi ninyo (sila) kayang pakitunguhan nang makatarungan, magkagayo'y isa lamang o yaong (aliping) taglay ng inyong kanang kamay. Iyan ang pinakamahusay upang kayo ay makalayo sa gawaing di-makatarungan." (Qur'an An-Nisa' :3)**

**7. Nais kong yumakap sa Islam nguni't** ako ay modernong babae at nakagisnan ko na ang pagsusuot ng magagandang damit at paglalagay ng pampaganda sa aking katawan tulad ng make-up, pabango, lipsticks at iba pa."

Magaganda ang mga aral ng Islam lalo na kung sila ay nagpapatirapa at sumusubsob sa lupa bilang bahagi ng kanilang pagdarasal. Tila ba napakasarap na isubsob ang mukha sa lupa bilang tanda ng pagmamahal at ganap na pagpapakumbaba ng isang tao sa Makapangyarihang Diyos. May nabasa rin ako sa isang aklat ng Islam na nagsasabing maging si Hesus ay nagpapatirapa sa kanyang pagdarasal. Kaya, sabi ko sa sarili ko na nais kong yumakap sa Islam nguni't paano ko matatalikdan ang makabagong pananamit. Bukod dito, ang pagsuot ng Hijab ay tila mahirap gawin.

**Paliwanag at Kasagutan.**

Ang Islam ay may sariling pamamaraan at pamantayan upang mapangalagaan ang kaluluwa at katawan ng isang babae sa anumang uri ng kasamaan at kapahamakan. Ipinag-uutos ng Islam ang pagsusuot ng Hijab upang bigyang karangalan ang isang babae, pangalagaan ang puri at dangal niya laban sa kalaswaan, kahihiyaan at kawalang moralidad sa lipunan. Sa iba't ibang makabagong lipunan ng tao sa ngayon, nakahihigit ang mga krimeng nagaganap sa mga kababaihan bunga ng pananamit na nakabibighani o nakatatawag-pansin sa mga kalalakihan na pumupukaw sa kanilang pagnanasa o tukso sa laman.

**8. Nais kong yumakap sa Islam nguni't** ang aking asawa ay laging nagagalit sa akin tuwing sasabihin ko na ako ay nagnanais maging Muslim. Mabait ang asawa ko at maasikaso sa aming mga anak. Sinasabi niya na kung ako ay magiging Muslim, mabuti pa na kami ay maghiwalay na lamang. Nangangamba akong baka masira ang aming magandang ugnayan bilang isang mapayapang tahanan.

Katotohanan nito, naging interesado lamang ako sa Islam nang ako ay dumating sa Saudi Arabia. Malayo sa inaasahan ko ang aking naging unang obserbasyon sapagka't ang mga karaniwang nakikita ko sa Pilipinas ay wala rito tulad ng beerhouse, sinehan, discohouse, mga pistahan o ati-atihan, santacruzan, at iba pa. Dito sa Saudi Arabia, umaga hanggang gabi, ay wala akong naririnig na naglalakasang mga awitin o tugtugin o ingay mula sa mga sasakyan. At wala rin akong naririnig sa kapitbahay na nag-iingay, naghihiyawan at nagbubulyawan o nagkakantahan sa loob ng kanilang bahay. Kaya, kahit malungkot ako, nasisiyahan naman sa katahimikan at kalinisan ng kapaligiran. Kung maaari nga lamang, nais kong imulat sa aking mga anak ang ganitong mapayapang buhay. Naisip ko tuloy, sana nga, ganito rin ang takbo ng buhay sa Pilipinas. Wala mang kasayahan ay mayroon namang kapanatagan at katahimikan ang bawa't pamilya. Sa Pilipinas, kapag may kaarawan o kasalan sa kapitbahay, kailangang ikaw ay makisama upang hindi masangkot sa kantiyawan, hinanakitan at awayan. Maghihintay ka na lamang na matapos ang "kasayahan" para matigil lang ang malakas na tugtog, kantahan at halakhakan. Maaaring ang kasayahang ito ay gawin sa buong magdamag o maaari din namang humantong sa awayan. Kaya, makatutulog ka lamang kung tapos na ang kasayahan. Mahirap nguni't may lunas pa ba ito?

At sa patuloy kong pagmamasid sa kapaligiran dito sa Saudi Arabia, pinag-aralan ko ang kanilang relihiyon at lagi akong nagbabasa at nagtatanong ng mga bagay-bagay tungkol sa kanilang paniniwala at unti-unti kong nauunawaan ito. Aking nakita na may malaking bahagi ang relihiyon sa pagkakaroon ng mapayapang buhay ng bawa't tao lalo na kung ang mga batas ng Diyos ay sadyang ipinatutupad ng pamahalaan.

Walang alinlangan, nais kong yumakap sa Islam nguni't tila mahihirapan akong maisaayos ang buhay namin tulad ng aking pinapangarap.

**Paliwanag at Kasagutan.**

Sa panimula ng aklat na ito, aking ipinaliwanag ang kahulugan ng Islam bilang isang katagang tuwirang nauukol sa kapayapaan. Kapayapaan sa kaisipan at maging sa kapaligiran sa pamamagitan ng pagsuko at pagtalima sa Kautusan ng Allah.

Sa Islam, bawa't kalakaran at aspeto ng buhay ay may inihahandog na alituntunin na dapat tuparin ng bawa't mamamayan upang makamtan ang layon ng kapayapaan ng buhay. May alituntunin at karapatan hinggil sa ugnayang pampamilya, pangkamag-anakan, kapitbahay, kaibigan at maging sa lahat ng kasapi ng isang lipunan. Bawa't isa ay nararapat na gampanan ang nakaatang na tungkulin at pananagutan. Ang pagkilala sa karapatan ng isang tao ay mahalagang sangkap ng mapayapang kapaligiran.

Karaniwan na nararanasan ng isang bagong Muslim na ang kanyang asawa ay nagbibigay pahiwatig na pagtanggi nito sa Islam nguni't dumarating naman ang

panahon na natutuhan nitong tanggapin ang relihiyong Islam lalo na kung ang isang Muslim ay nagpakita ng ibayong pagmamahal, paglingap at kabaitan sa kanyang asawa.

**9. <u>Nais kong yumakap sa Islam nguni't</u>** napakahirap humanap ng trabaho o maghanap buhay sa Pilipinas kung ikaw ay isang Muslim. At paano ko maitataguyod ang mga tungkulin sa Islam tulad ng pagdarasal kung sakaling ako ay nasa aking trabaho?

Hayaan ninyo munang aking isalaysay sa inyo kung bakit naakit ako sa Islam. Mabait ang aking naging amo sa pinaglilingkuran kong opisina. Mataas ang kanyang katungkulan nguni't simple lamang siya at madaling lapitan. Kahit karaniwang empleyado lamang ay maaaring lumapit sa kanya. At kung minsan, nakakasama rin namin sa karaniwang lakaran. Noong ako ay nagtatrabaho pa sa Maynila kahit minsan sa buong panahon kong ginugol bilang kawani ng malaking kompanya ay hindi ko nakitang lumapit ang isang mataas na opisyal ng kompanya sa mga karaniwang empleyado. Hindi ko nakitang siya ay nakipagkamay sa karaniwang tao. Hanggang ako ay magbitiw sa trabaho ay hindi ko siya nakitang nakipag-usap sa mga trabahador. Sa kabilang dako, ang may-ari ng kompanya rito sa Saudi Arabia ay nakikisalamuha sa karaniwang tao. Nakikipagkamay, nakikipag-usap, binabati tuwing makakasalubong sa daan.

Minsan, binigyan niya ako ng babasahin tungkol sa Islam. Dahil nga mataas ang katungkulan niya sa aming kompanya, nahihiya akong makipag-usap sa kanya. Nang maramdaman niyang nais kong magtanong sa kanya, siya na rin ang nagsimulang magtanong sa akin. At doon ko nakita ang kababaang-loob niya. Nasabi nga niya sa akin, ang buhay dito sa mundo ay pansamantala lamang at nararapat na ating paghandaan ang kabilang buhay. Ipinaliwanag niya sa akin ang kahalagahan ng paniniwala sa tunay na Diyos, ang paggawa ng mga kabutihan, ang pagiging mapagpakumbaba at mabait sa kapwa. Ngayon lamang ako nakakita ng ganoong tao na sa kabila ng kanyang katayuan sa buhay ay nakuha pa niyang makipag-usap sa tulad kong mababa lamang ang pinag-aralan. Marami siyang ibinigay na aklat sa akin at sinabi niya na walang sapilitan sa relihiyon nguni't kung ito ay iyong pag-aralan, iyong makikita ang kahalagahan nito hindi lamang sa mundong ito kundi sa kabilang buhay. Ako ay inanyayahan sa kanyang malapalasyong bahay at nakita ko kung paano siya mag-asikaso ng tao.

Nais kong yumakap sa Islam nguni't nangangamba akong hindi ko maisasakatuparan ito sa Pilipinas lalo na kung ako ay bumalik na doon at muling maghanap-buhay. Inaamin ko na kung mayroon lamang pagkakataon, nais kong magtagal sa bansang Arabia sanhi ng mapayapang pamumuhay dito.

**<u>Ang Paliwanag at Kasagutan.</u>**
Sa katunayan, napakarami ang mga pinto ng gantimpala at sadyang isang dakila ang pagtataguyod para sa mga mabubuting gawain. Katotohanan, ang Propeta

ng Allah, si Muhammad (ﷺ) ay nagsabi na sinumang nagturo at nag-anyaya para sa gawang kabutihan nito, kanyang matatamo ang dakilang gantimpala.

Sinabi ng Sugo (Muhammad ﷺ):

**"Sinumang nag-anyaya (tungo) sa pagtahak ng wastong landas, matatamo niya ang gantimpala na katumbas ng mga gantimpala ng sinumang sumunod sa kanya, at hindi makababawas iyon sa kanilang mga gantimpala kahit bahagya, at sinumang nag-anyaya (tungo) sa pagkaligaw, magkakaroon siya ng kasalanang katumbas ng mga kasalanan ng sinumang sumunod sa kanya, at hindi makababawas iyon sa kanilang mga kasalanan, kahit bahagya.] (Muslim /4831)**

**10. <u>Nais kong yumakap sa Islam nguni't</u>** sadyang tila mahirap kong magampanan ang araw-araw na limang ulit na pagdarasal lalo na ang pang-umagang pagdarasal. Kung yayakap ako sa Islam, ang nais kong pangalang itawag sa akin ay Jameel.

Nais kong isalaysay sa inyo kung paano ko natutuhang unawain ang Islam. Sa simula, ginawa ko lamang libangan o pampalipas oras ang pagbabasa ng mga aklat tungkol sa Islam hanggang makita ko rito ang tunay na aral nito. Matagal na rin ako dito sa Saudi Arabia, at nakasanayan ko na rin ang pamumuhay dito na kasama ang mga Muslim. Wala naman akong naranasang pangyayari na maaari kong sabihing ang mga Muslim ay may masamang pag-uugali. Katunayan, marami akong naging kaibigan na Muslim at nakikita kong wala namang pagkakaiba sa karaniwang ugali ng isang Kristiyano. May kasabihan akong natutunan sa Islam, "kung ano ang nais mo sa sarili mo, yaon din ang dapat na naisin mo sa kapwa mo". Sa madaling salita, ikaw ay maging magalang at ikaw ay igagalang. Ikaw ay maging matulungin at ikaw ay tutulungan. At ikaw ay huwag manakit at ikaw ay hindi sasaktan."

**<u>Paliwanag at Kasagutan.</u>**

**"Ang Allah ay hindi nagbibigay pasaning higit sa makakayanan nito." (Qur'an Baqarah 2:286)**

Ang Salaah (Pagdarasal) ay isang uri ng pagsamba na tigib ng kadakilaan sapagka't inilalapit nito ang tao sa kanyang Tagapaglikha. Ito ay isang kakaibang (at natatanging) karanasang pang-espirituwal na bawa't bahagi ng katawan ay sumasama sa kaluluwa at kaisipan sa pagsamba at pagluwalhati sa Nag-iisang Tunay na Diyos-ang Allah. Nagbibigay daan ito upang ang isang mananampalataya ay matutong maging matapat at mag-alay ng ganap na pananalig. Siya ay tumatayo sa harap ng Allah nang may kababaang loob, lumuluwalhati at nagsusumamo sa Kanya. Siya ay nagsisimula sa pamamagitan ng pagsabi ng "Allahu Akbar" ibinabantayog ang Kadakilaan ng Allah na Siyang tanging nararapat sambahin at dakilain. Pagkaraan nito siya ay pumupuri sa Kanya sa pamamaraang angkop sa Kanyang Kaluwalhatian at Katangian. Siya

ay ganap na sumusuko sa Kanyang Kalooban, humihingi ng tulong at panatilihin siya sa matuwid na landas, panatilihin siyang dalisay at deboto at ilayo sa landas ng mga kinamumuhian at isinumpa. Kapag siya ay umabot na sa pinaka-ubod ng kanilang pagdalangin, ang kanilang mga puso ay tigib ng kabanalan at pagpapakumbaba sa kanyang Panginoon. Sila ay nagpapatirapa sa harap Niya, iniyuyuko at isinusubsob ang pinakamahalagang bahagi ng kanyang sarili upang ipakita ang tanda ng pagsuko at kababaang loob.

Ang kagandahan ng Salaah ay hindi mapapantayan at ang katangian nito ay hindi mabilang. Yaong sumusunod dito sa itinakdang pamamaraan ay kumikilala sa Ganap na Kadakilaan ng Allah at ang kanilang puso ay nakararanas ng damdaming pagkatakot sa Kanya na siyang nagbibigay lakas upang talikdan ang mga masasamang gawain sa pamamagitan ng tuwirang pakikipag-ugnayan sa kanilang Tagapaglikha ng limang ulit maghapon. Ang Qur'an ay nagsabi:

**"Isagawa ang Salaah. Katiyakan, ang Salaah ay naglalayo mula sa kalaswaan at hayag na kasalanan; at tunay ang pagbibigay alaala sa Allah ay (isang) dakilang gawain."(Qur'an Al-'Ankabut 29:45)**

Kapag ang Salaah ay isinasagawa tuwina, ito ay nagdudulot ng matatag na pagnanais na maging mabuti tungo sa pag-asam sa gantimpalang ipagkakaloob ng Allah sa Kabilang Buhay. Kapag ito ay kanilang isinagawa nang magkakasama, sila ay nakapagtatag ng isang panlipunang ugnayan at pinagtitibay nito ang kanilang kapatiran nang may pagmamahal, pagmamalasakitan, paggalang at pagtutulungan.

Ang araw-araw na pagdarasal sa Islam ay katulad din ng araw-araw na pagkain. Ang tao ay may dalawang bahagi, isang pisikal at isang ispirituwal. Ang dalawang bahaging ito ng tao ay nangangailangan tuwina ng pangangalaga upang manatiling malusog at malayo sa sakit.

At dahil ang pagkain ay pangunahing sangkap ng malusog na katawan, ang pagtalikod nito ay magbubunga ng maraming pisikal na sakit at pagkaraa'y mamamatay. Ang pagdarasal naman ay pagkain din ng kaluluwa, kaya ang pagtalikod nito ay nagdudulot ng sakit sa tao. Ito ang sakit ng ispirituwal na kakulangan, at ng kasalanan. Ang pagdarasal ay tanda ng pananalig, pananampalataya at pakikipag-ugnayan sa Diyos kaya ang hindi pagsasakatuparan nito ay tanda ng kawalan ng pananampalataya at tiwala sa Diyos.

**11. <u>Nais kong yumakap sa Islam nguni't</u>** sa aking palagay ay mahirap pakisamahan ang mga Muslim dahil mayroon akong masakit na karanasan sa ibang Muslim. Sa kabila nito, nagbabasa pa rin ako ng mga aklat tungkol sa Islam at ako ay naniniwala sa katotohanan ng mga aral nito.

**<u>Paliwanag at Kasagutan.</u>**

Dapat ding banggitin dito na ganap na mali ang paghusga sa Islam batay sa mga naghihikahos na kalagayan ng mga Muslim at katiwalian sa ibang lugar ng mga Muslim. Ang itinuturo ng Islam ay isang bagay na kaiba sa anumang isinasagawang kamalian ng ibang Muslim. Kung ang isang Muslim ay lumihis sa aral ng Islam, ito ay kanyang sariling pananagutan. Ang tanging paraan upang mabigyan ng tunay na katarungan ang paghuhusga ay kailangang pag-aralan ang dakilang aral ng Islam na napapaloob sa Banal na Qur'an at sa mga Sunnah ni Propeta Muhammad. Ang kilalang mang-aawit na si Cat Stevens (na ngayon ay kilala sa pangalang Yusuf Islam) na pagkaraang yumakap sa Islam ay nagsabi:

**"Isang pagkakamali ang husgahan ang Islam batay sa maling gawain ng nalilihis o naliligaw na Muslim na ipinakikita sa "media". Ang katulad nito ay ang paghusga sa isang sasakyan na minamaneho ng isang lasing at ibinangga ito sa pader. Pinapatnubayan ng Islam ang lahat ng tao sa araw-araw nilang buhay sa ispirituwal, kaisipan at pisikal na aspeto. Magkagayon, kailangang hanapin natin ang mga aral nito sa pamamagitan ng Banal na Qur'an at Sunnah ni Propeta Muhammad upang makita natin ang katotohanan ng Islam."**

Anumang gawain na may kalakip na kabaitan ay gumaganda, at ito ay nagiging di-kaaya-aya naman kung inaalisan ng kabaitan, sapagka't sinumang walang taglay na kabaitan ay napapagkaitan ng lahat ng kabutihan.

Si Propeta Muhammad ay nagsabi kung sino ang pinakamabuting Muslim: **"Ang taong may ganap na pananampalataya mula sa inyo ay yaong may taglay na pinakamabuting asal."**

12. **<u>Nais kong maging Muslim nguni't</u>** napakaraming ipinagbabawal ang Islam tulad ng pagkain ng baboy, pag-inom ng alak, pagsusugal (bingo, lotto, sweepstakes, sabong, jueteng). Hindi ko pa kayang iwasan ang mga libangang ito dahil nakasanayan ko na ang ganitong buhay.

**<u>Paliwanag at Kasagutan.</u>**

Likas sa tao na madaling mahulog sa mga kaakit-akit na bagay para sa kasiyahan ng kanyang katawang lupa. Ang mga ganitong bisyo ay nagdudulot ng malaking suliranin hindi lamang sa sarili kundi maging sa pamilya at lipunan. Sa relihiyong Islam, lahat ng bagay na magsasadlak sa tao sa kapahamakan ay ipinagbabawal at isinasaalang-alang bilang isang malaking kasalanan. Ang Banal na Qur'an ay nagbababala:

**"O kayong nananampalataya! Ang mga nakalalasing na inumin at sugal, ang *Ansab* (mga hayop na kinatay at inialay sa mga diyus-diyosan) at ang *Azlam* (mga busog o palasong ginamit sa paghahanap ng kapalaran) ay mga bagay na kasuklam-suklam na gawain ng Satanas. Kaya, (mahigpit na) iwasan ang mga ito upang kayo ay magtagumpay." (Qur'an Al-Maidah 5:90)**

Mula sa isang Hadith ng Sugo ng Allah, matutunghayan na: Isinalaysay ni Ibn Umar na ang Sugo ng Allah ay nagsabi:**"Sinuman ang uminom ng nakalalasing na inumin (alak) sa mundong ito at hindi nagsisi at hindi nagsumamo sa Allah ng kapatawaran bago mamatay, ipagkakait ito sa kanya sa Kabilang Buhay." Sahih Bukhari vol 7, Hadith Bilang 481.**

Isang katotohanan na lahat ng tao ay binigyan ng Makapangyarihang Allah ng mga paunang paalala at babala tungkol sa kahihinatnan nito sa Kabilang Buhay, kaya tuwina ay inaanyayahan tumahak sa matuwid na landas. Binigyan tayo ng Allah ng sapat na panahon upang pag-isipan at yakapin ang tamang daan. Subali't, karamihan sa tao ay ganap na nalihis dulot ng mga nakahuhumaling na bagay ng makabagong panahon. Higit na binigyan ng pagpapahalaga ang pansamantalang buhay sa mundo kaysa sa Kabilang Buhay.

**"Kaakit-akit sa tao ang pagmamahal sa mga bagay na kanilang pinagnasaan; mga kababaihan, mga anak, ang pag iimbak ng ginto at pilak, mga magagandang lahi ng kabayo, at hayupan at linang na lupain. Ito ang kasiyahan ng kasalukuyang buhay sa mundo; nguni't sa Allah, isang mabuting pagbabalik ang naghihintay mula sa Kanya (ang Paraiso)." (Qur'an Al-Imran 3:14)**

Sa mga taong walang pagpapahalaga sa Kabilang buhay, sila ay tila walang kamatayan. Pakiwari bang sila ay walang pananagutang kakaharapin sa Kabilang Buhay. Subali't, kung kanilang matunghayan ang katotohanan ng Araw ng Paghuhukom, paano pa kaya nila maitutuwid ang pagkakamaling ginawa nila sa mundong ito? Ano pa kaya ang kanilang magiging damdamin sa gitna ng gayong kalagayan na wala ng pagkakataong makabalik sa mundong ito upang maituwid ang kanilang pagkakamali? Ano pa kaya ang halaga ng pagsisisi o panghihinayang pagkaraan ng kamatayan? Ang ganitong nakapanlulumong pagsisisi ay malinaw na inilarawan ng Banal na Qur'an:

**"Katotohanan, Amin kayong binalaan ng isang nagbabadyang (pagsapit) ng Kaparusahan. Ito ang Araw na matutunghayan ng tao ang (gawa na) bunga ng kanyang mga kamay, at sila na walang pananalig o pananampalataya ay magsasabi: "Kasawian sa akin! Sana, ako ay naging alabok na lamang!"(Qur'an An-Naba' 78:40)**

13. **Nais kong maging Muslim nguni't** marami pa akong nais gawin para sa sarili kong kaligayahan sa mundong ito. Bata pa naman ako para maging seryoso sa buhay lalo na sa larangan ng relihiyon. Marami rin akong mga kaibigan na nagbubuyo na huwag ko munang intindihin ang kabilang buhay. Bagama't inaamin ko na ako ay nag-aral ng Islam at napag-alaman ko ang magagandang halimbawa ng kabutihan lalo na ang paniniwala at pananalig ng mga Muslim sa Nag-iisang Diyos at yaong kanilang matatag na paniniwala sa Kabilang Buhay.

**Paliwanag at Kasagutan.**

May katiyakan ba sa mundong ito kung hanggang kailan magtatagal ang buhay? May katiyakan ba kung kailan ang pagsapit ng kamatayan? Ang Qur'an ay nagsabi:

**"Bawa't isa ay makararanas ng kamatayan. Kayo ay Aming sinubukan hinggil sa kabutihan at kasamaan bilang pagsubok. At kayo ay magbabalik sa Amin." (Qur'an Al-Anbiyah 21:35)**

At sinabi pa Niya:

**"At ang Allah ay hindi naggagawad ng palugit sa sinuman kung ang itinakdang oras (ng kamatayan) ay sumapit na (sa kanya). At ang Allah ay lubos na nakababatid kung ano ang inyong mga ginagawa." (Qur'an Al-Munafiqun 63:11)**

Ang kamatayan ay itinuturing bilang wakas ng mga taong walang paniniwala sa Kabilang buhay. Ito ay isang maling kaisipan sapagka't ang kamatayan ay hindi isang wakas kundi ito ang simula ng buhay na walang hanggan.

Ang mga kaibigan ay maaaring maging daan upang ang isang tao ay malulong sa masamang bisyo at kaligtaan ang magiging kahihinatnan sa Kabilang Buhay.

**"Sa araw na yaon kakagatin ng mga makasalanan ang kanilang mga kamay at sasabihin 'kasawian sa akin! Kung ako ay sumunod lamang sa Sugo (ng Allah). Kasawian sa akin! Kung hindi lamang ako nakipagkaibigan kay…. Ako ay iniligaw niya ng landas mula sa babala na dumating sa akin. .."(Qur'an Al-Furqan 25:27-29)**

Sa mga tunay na nananalig o nananampalataya, ito ang simula ng isang walang hanggang Paraiso na malaya sa anumang kasamaan at kakulangan. At sa mga makasalanan at walang pananalig o pananampalataya, ito ay simula rin ng isang buhay sa Impiyerno na kung saan malalasap ang walang katapusang parusa sanhi na kawalang pagpapahalaga sa mga Kautusan ng Makapangyarihang Allah.

Bagama't ang kamatayan ay hindi isang paksang pinagtutuunan ng pansin ng karamihan sa tao, ito ay isang hantungang hindi maiiwasan ninuman. Sapagka't, nilikha ng Allah ang kamatayan bilang tanda ng katapusan ng buhay sa mundo. Walang sinumang tao ang makaiiwas sa kamatayan. Walang yaman, ari-arian, at kaibigan ang makapagdudulot ng kaligtasan mula sa kamatayan. Ang katotohanang ito ay isinalaysay ng Qur'an.

**"Saan ka man naroroon, ang kamatayan ay makapanghahawak sa iyo kahit na ikaw ay nasa matibay na (moog) tanggulan." (Qur'an An-Nisa': 78)**

**"Sabihin (sa kanila, O Muhammad): "Katotohanan, ang kamatayan na inyong tinatakasan ay katiyakang inyong mararanasan at pagkaraan, kayo ay muling ibabalik (sa Allah), ang Lubos na Maalam ng lahat (bagay) lingid man at hayag. At Kanyang ipababatid sa inyo kung anuman ang inyong ginawa." (Qur'an Al-Jumu'ah 62:8)**

Kung gayon, ang pag-iwas ba sa pag-alaala sa kamatayan ay makapagliligtas sa pagharap sa katotohanan ng Araw ng Paghuhukom? Katiyakan, ang kasagutan ay "hindi'. At dahil ang tao ay likas na may pangamba laban sa kamatayan, ang pinakamakatuwirang bagay na dapat gawin ay ang paghahanda sa pagsapit ng kamatayan sapagka't ang Sugo ng Allah ay nagsabi: **"Alalahanin ang kamatayan tuwina. At bubuksan ng Allah ang puso ng isang taong laging iniisip ang kamatayan at ito ay magiging magaan para sa kanya".** Ang paghahanda sa kabilang buhay ay nangangahulugan ng paggawa ng mga kabutihan, pagsasagawa ng mga naitakdang tungkulin sa Allah, ang palagiang paghingi ng kapatawaran at pagbabalik-loob sa Kanya.

14. **<u>Nais kong maging Muslim nguni't</u>** ako ay nangangamba na ako ay tawaging isang terorista o isang rebelde.

**<u>Paliwanag at Kasagutan.</u>**

Ang terorismo ay isang katagang hindi sakop ng aral sa Islam samakatuwid ito ay banyagang salita na hindi tinatanggap.

Ang Islam ay relihiyon ng kapayapaan, ng habag at isang pamamaraan ng buhay. Ang Qur'an at maging sa Sunnah ni Propeta Muhammad ay nag-uutos na igalang ang buhay at ari-arian ng sangkatauhan. Sa pamayanang Islam, ang mga karapatang ito ay isinasaalang-alang bilang sagrado, maging ang naninirahan dito ay Muslim o di-Muslim. Pinangangalagaan ng Islam ang dangal, nagbabawal ng pang-aabuso, pang-aapi, panlalait o pangungutya sa kaninumang tao. Naniniwala ang mga Muslim na nilikha ng Allah ang lahat ng tao nang malaya at pantay-pantay, na ang tanging kaibhan lamang ay batay sa kani-kanilang kabanalan o pananalig sa Kanya, at hindi pinagbabatayan ang lahi, kulay o pinagmulan ng isang tao.

Ang katagang Jihad ay karaniwan ng itinuturing ng ibang di-Muslim lalo na sa kanluran sa paraang lumilihis sa tunay na diwa at kahulugan at layunin nito.

Ang Jihad ay pagtatanggol laban sa lahat ng uri ng kasamaan, kalapastanganan, pang-aabuso, pang-aapi, at paniniil. Ang Jihad ay pagpupunyagi at pakikibaka upang paunlarin at ipagtanggol ang sarili, ang dangal, ang ari-arian at ang bayan. Ito ay pagsasagawa ng lahat o anuman upang maisakatuparan ang lahat ng tungkuling ipinag-uutos ng Islam sa lahat ng panahon at sa lahat ng pagkakataon upang maabot ang pinakamataas ng uri ng kaalaman o karunungang pakikinabangan ng sarili at maging ng pamayanan o buong sangkatauhan.

**15. <u>Nais kong maging Muslim nguni't</u>** paano na ang aking mga mahal na magulang at anak na namatay na kristiyano nguni't hindi man lamang nila nalaman ang katotohanan ng Islam. Kahit na sila ay maagang nawala sa akin,

naririto pa rin sila sa aking puso at ala-ala. Mahal ko sila at nangangarap pa rin akong sila ay aking makakapiling sa Kabilang Buhay upang hindi na magkakahiwalay magpakailanman.

**Paliwanag at Kasagutan.**

Kadalasan ang tao ay nakadarama at nakararanas ng iba't ibang pisikal at ispirituwal na kahungkagan at kalungkutan sa mundong ito. Kabilang na rito ang masidhi at matinding damdamin ng kalungkutan at dalamhati sa pagkawala o pagkamatay ng ating mga mahal sa buhay (mga magulang, kapatid, mga anak, asawa, kamag-anak o maging ito man ay isang kaibigan). Ang Allah ay nagpaliwanag tungkol sa naturang paksa at nagsabi ayon sa Banal na Qur'an na:

**"….walang sinumang may dalang sariling pasanin ang maaaring makapagdala ng pasanin ng iba pa. Hindi Kami nagpaparusa kailanman maliban na mayroon muna Kaming ipinadalang isang Sugo sa kanila (upang magbigay babala)." (Qur'an Al-Isra' 17:15)**

Kung ang iyong mga magulang, anak o asawa o sino pa man ay hindi nagkaroon ng pagkakataong malaman ang katotohanan ng Islam, ang Allah ang Siyang higit na nakaaalam kung ano ang nararapat na ipagkaloob sa kanila. Alalahanin natin na ang Allah ay tigib ng awa sa lahat ng kanyang mga nilikha. Siya ay ganap na makatarungan at lagi nang mapapagpatawad. Siya ang tanging nakababatid ng anumang nilalaman ng puso ng lahat ng tao. Samakatuwid, napakalahalga na ipagkaloob natin sa Allah ang lubos na pagtitiwala at pananalig sa Kanya.

Karagdagan pa nito, kung ating babasahin ang mga kasaysayan ng mga Sugo at Propeta ng Allah, karamihan sa kanila ay dumanas din ng kalungkutan, dalamhati at siphayo nang dahil sa kanilang mga magulang, anak at asawa. Si Noah ay isang dakilang Sugo at Propeta ng Allah. Bilang ama, mahal na mahal niya ang kanyang anak subali't ito ay hindi nagbigay pansin sa panawagan niya. Kaya, si Propeta Noah ay walang nagawang tulong upang iligtas niya ang sariling anak sa malaking baha (delubyo) at maging sa kabilang buhay. Hindi rin nagawang iligtas ni Propeta Lot ang kanyang asawa. Maging si Propeta Abraham ay hindi rin nakuhang patnubayan ang kanyang ama na noon ay sumasamba sa araw at sa mga bituin. Sa kabila ng mahabang panahon ng panawagan niya upang sumamba lamang sa nag-iisang Tagapaglikha (Allah), ang kanyang ama ay namatay na walang pagkilala sa Allah. Gayon din ang mga magulang ni Propeta Muhammad. Sila ay namatay bago dumating ang Islam. Nguni't, maging siya man ay isang Sugo at Propeta ng Allah ay walang kakayahan upang iligtas ang sinuman sa Araw ng Paghuhukom maliban sa kapahintulutan ng Makapangyarihang Allah. Ito ay isang katotohanan lamang na ang kaligtasan ng isang tao ay batay sa kanyang sariling pagpapasiya at sa Araw ng Paghuhukom walang pinagkakaabalahan ang isang tao maliban sa kanyang sariling kaligtasan.

**"…Sa Araw na yaon ay tatakasan (at lilisanin) ng tao ang kanyang kapatid, at maging ang kanyang ina at kanyang ama, at ang kanyang asawa at kanyang mga anak. Bawa't tao sa Araw na yaon ay may sapat na pagkakaabalahan (sa kanilang mga sariling kaligtasan) upang pabayaan ang iba." (Qur'an 'Abasa 80:34-37)**

Ang taong may ganap na pananalig sa Allah ay naniniwala na ang lahat ng pangyayaring nagaganap ay kapahintulutan ng Dakilang Allah, at anuman ang kanilang maranasang hilahil at siphayo ay mula sa Kalooban at Katakdaan Niya. Kaya, nasa Allah ang kapangyarihan at kakayahan upang patnubayan ang sinumang Kanyang naisin. Pinapatnubayan lamang Niya ang sinumang tunay na may pananalig sa Kanya.

## HINDI PA HULI ANG LAHAT

Ang pinakamahalagang katotohanan na dapat alalahanin ay ang layunin ng buhay ng tao sa mundong ito. Huwag nating sayangin ang bawa't panahon sa makamundong pagnanasa lamang. Bigyan din natin ng sapat na panahon ang ispirituwal na pangangailangan. Hindi pa huli ang lahat upang magbalik-loob sa Allah.

Ang Banal na Qur'an ay naglarawan ng gayong tagpo sa Araw ng Paghuhukom. Kapag ang mga makasalanan ay naghihinayang, at nagdadalamhati sa nagawang kasalanan.

**"Kung inyo lamang silang makikita sa sandali na sila ay nakatindig sa harap ng Apoy at nagsasabing,"Tunay na kung kami lamang ay muling makababalik (sa mundo), hindi kami magtatakwil sa mga paalala (tanda o kapahayagan) ng aming Panginoon at kami ay mapapabilang sa (hanay) ng mga mananampalataya." (Qur'an Al-An'am 6:27)**

Karagdagan pa:

**"At kanilang sasabihin (nang may pagsisisi at panghihinayang): "Kung nakinig lamang kami o ginamit ang aming talino, sana ay hindi kami napabilang sa mga magsisitahan sa Naglalagablab na Apoy!"(Qur'an Al-Mulk 67:10)**

Kaya, ang layunin ng munting aklat na ito ay (una) upang gisingin ang natatagong damdamin ng tao at magbigay ng paalala tungkol sa kahalagahan ng pagkakaroon ng tamang pananampalataya, tamang pagsamba at tamang paggawa ng mga kabutihan bilang paghahanda sa Araw ng Paghuhukom na kung saan ang tao ay magsisi at magsabi na:

**"...kanyang sasabihin:"Sayang! sana'y nakagawa ako noon (ng kabutihan) para sa aking buhay (na ito)!" (Qur'an Al Fajr 89:24)**

**"....Sinabi niya, "Tunay na (sayang), kung hindi ko lamang binigyan ng katambal ang aking Panginoon (sa pagsamba)...." (Qur'an Al Khaf 18:42)**

**"....Kasawian sa akin! (sayang) Kung ako ay sumunod lamang sa landas ng Sugo! (Qur'an Furqan 25:27)**

At ikalawa upang anyayahan ang tao tungo sa pamumuhay sa ilalim ng paglilingkod sa Allah habang mayroong pang sapat na pagkakataong maituwid ang kanilang mga kamalian sa mundong ito sapagka't ipinagbibigay-alam sa atin mula sa Banal na Qur'an na hindi tatanggapin ng Allah ang pagsisisi na batay lamang sa takot sa kamatayan sa sandali ng kanilang paghihingalo:

**"Walang pagsisisi (na tatanggapin) para sa mga taong patuloy sa paggawa ng kasamaan hanggang abutan sila ng kanilang kamatayan at sila ay magsasabi, "Ngayon ako ay nagsisisi na" o maging ang mga taong namatay bilang mga walang pananalig (sa Allah). Sa kanila ay inihanda ang isang mahapding parusa." (Qur'an An-Nisa'4:18)**

Kaya, nararapat na magpasiya habang may pagkakataon pa. Huwag nating ipagwalang-bahala ang mahalagang araw ng ating kamatayan. Katiyakang ito ay darating sa atin anumang oras ngayon.

## PANGWAKAS NA SALITA

Bilang pangwakas na pananalita, aking babanggitin sa inyo ang puna ng isang taong yumakap sa relihiyong Islam.

**Ang isang German Diplomat at Social Worker na si Muhammad A. Hobohm ay nagsabi:**

"Bakit ang mga tao sa kanluran ay yumakap sa Islam?" Maraming dahilan para rito. Una sa lahat, ang Islam ay katotohanang may sariling lakas. Ang mga pangunahing prinsipiyo ng Islam ay makatuwiran, tunay na likas at kaakit-akit na ang isang taong matapat na naghahanap ng katotohanan ay walang kakayahang talikdan ang makatuwirang aral nito. Halimbawa, ang paniniwala sa Nag-iisang Diyos. Ito ay nagtataas sa dignidad ng tao at pinalalaya siya sa mga pamahiin. Tunay na ito ay likas na nagbibigay-daan sa pagkakapantay-pantay ng tao sapagka't lahat ay nilikha ng Nag-iisang Diyos at ang lahat ay Kanyang alipin. Para sa mga Aleman, ang paniniwala sa nag-iisang Diyos ay isang inspirasyon, isang pinagmumulan ng walang pangangambang katapangan at isang pinagmumulan ng kapanatagan. At ang paniniwala sa Kabilang Buhay ay isang kaaya-ayang pananalig. Ang pamumuhay sa mundong ito ay hindi na pangunahing layunin, bagkus ang malaking bahagi na makataong lakas ay nakatuon sa pagpapaunlad ng buhay pagkaraan ng kamatayan. Ang pananalig sa Araw ng Paghuhukom ay nagbibigay daan sa tao upang umiwas sa mga masasamang gawain. Ang mabubuting gawain ay nagbibigay katiyakan sa walang hanggang kaligtasan bagama't ang kasamaan ay maaaring manatili dito sa itinakdang panahon. Ang pananalig na walang makatatakas sa Araw ng Paghuhukom ng Isang Makatarungan, na walang kinikilingan at Maalam na Panginoon ay nagbibigay daan upang ang tao ay mag-isip ng ilang ulit bago magsagawa ng isang gawaing makasalanan. At ito ay isang tiyak na bantay na higit na makabuluhan kaysa sa isang mahigpit na pulis dito sa mundo.

“Ang isa pang bagay na nakaaakit sa relihiyong Islam para sa mga banyaga ay ang pagbibigay-diin sa kaluwagan. Kasunod nito ay ang pang-araw-araw na dasal na nagtuturo sa tao para maging maagap at ang isang buwang pag-aayuno ay nagtuturo ng pagpipigil sa sarili. At walang alinlangan, ang pagiging maagap at disiplina sa sarili ay dalawang katangian ng isang mabuting tao.

Ngayon ay dumating na ang tunay na tagumpay ng Islam. Ito ang tanging ideolohiya na nagtagumpay upang itanim sa kaisipan ng mga tagasunod nito ang diwa ng pagtataguyod ng etikal at moral na hangganan na walang panlabas na pamimilit sa pagsasakatuparan nito. Alam ng isang Muslim, na saan man siya naroroon, siya ay nakikita ng Allah. Ang pananalig na ito ay naglalayo sa tao sa mga kasalanan. At dahil ang tao ay may likas na kabutihan, ang Islam ay nag-hahandog ng kapayapaan sa isip at puso, at ito ang ganap na kakulangan sa lipunan ng kanluran sa ngayon.

Ako ay nabuhay sa iba’t ibang pamamaraan ng buhay at nagkaroon ng pagkakataong mapag-aralan ang iba’t ibang ideolohiya nguni’t aking napatunayan na walang isang ganap na ideolohiya maliban sa Islam.

Ang Komunismo ay may nakaaakit na prinsipiyo at maging ang demokrasya at Nazismo. Nguni’t wala ang ganap na pamamaraan ng Dakilang Buhay. Islam lamang ang mayroon nito at ito ang dahilan kung bakit ang isang mabuting tao ay yumayakap dito.

**At si Kolonel Donald Rockwell, na isang manunuri, manunula at manunulat at nagsulat rin ng ganitong puna:**

“... ang matatag na inspirasyon ng pagdarasal ng limang ulit araw-araw ng milyung-milyong Muslim sa buong mundo ang naging dahilan upang ako ay maakit noong una. Nguni’t pagkaraang yumakap ako sa Islam, natagpuan ko ang higit na malalalim na kadahilanan ng pagpapasiyang ito. Natutuhan ko ang Konsepto ng Buhay na inilarawan ng Propeta lakip ng pagsasakatuparan at pagbibigay-alaala sa Allah. Ang mga makabuluhang aral at panawagan sa pagbibigay ng kawanggawa at habag ay kahanga-hanga. Ang malawak na makataong prinsipiyo, ang unang tagapagtatag ng karapatan ng mga kababaihan, at iba pang katangian ng isang praktikal na relihiyon na tunay na malinaw at sumasagisag nang lubusan sa salita ni Muhammad na “Magtiwala sa Diyos at itali ang iyong kamelyo” Ipinagkaloob sa atin ang isang relihiyong pamamaraan ng isang karaniwang gawain hindi isang bulag na pananampalataya sa pangangalaga ng di-makitang puwersa o lakas. Hindi ng ating sariling kapabayaan bagkus sa pagtitiwala na ang lahat ng bagay ay tuwid na maisasaayos at isinasagawa sa abot ng makakayanan. Ating pagkatiwalaan kung ano ang bunga ng Kalooban ng Diyos. Habang ako ay nakatayo sa harap ng Masjid ng Istanbul, Damascus, Jerusalem, Cairo, Algiers, Tangier, Fez at ibang pang lungsod, aking nadarama ang isang malakas na puwersa ng matibay na pag-angat ng simpleng panawagan ng Islam sa diwa ng nagtatayugang mga bagay hindi sinusuportahan ng mga naggagandahang imahen, istatwa, larawan,

musika at mga seremonyas. Ang mga masjid ay lugar ng mapayapang paggunita sa Diyos (Allah) at pagpapakumbaba sa dakilang katotohanan ng tunay na Diyos. Ang demokrasya ng Islam ay lagi ng kaakit-akit sa akin**. "Ang Hari man o isang dukha ay mayroong magkatulad na karapatan sa loob ng Masjid. Ang kanilang mga tuhod ay kapwa lumuluhod na may pagpapakumbabang pagsamba. Walang upuang inilalaan para sa kaninuman."**

## PASASALAMAT

Aking pinasasalamatan ang Dakilang Allah sa patnubay na Kanyang iginawad sa akin at sa aking pamilya. Ako ay umaasa na ang munting babasahing ito ay makapagdulot ng kaalaman upang matutuhan ng isang tao ang kanyang pananagutan at mga tungkulin sa Dakilang Allah at magkaroon ng pagkakataong hanapin ang sariling kaligtasan sa pamamagitan ng kanyang tapat at masigasig na pagpupunyaging tahakin ang makabuluhang pamumuhay bilang Alipin ng Dakilang Allah.

Pinasasalamatan ko ang mga masisipag na kapatid na tumulong sa akin upang maisalin ito sa tagalog. Sina Ahmad Jibreel Salas, Muhammad dela Peña, Khalid Evaristo, Omar Penalber, Yusuf Butucan, Ahmad Fernandez, Raeed Capule, Muhammad Cruz, Adam Dizon, Mikail Lopez, Omar Taron, at Waleed Rapsing. Nagbigay din sa akin ng inspirasyon ang aking mga kapatid na sina Sister Jamilah de Peña, Fatima Gosingco, at Umamah Quiza. Nawa'y pagpalain tayo ng Dakilang Allah. Marami pong salamat. As-salamu alaikum waramatullahi wa barakatuh.

**Ang Alipin ng Allah,**
**Omar Al-Hafiz**